International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

# Karanasan at mga hamon sa pamahayagang pangkampus: Mga basehan sa angkop na estratehiya sa kakayahang dyornalistiko

John L. Caballero Jr.*[1], Dr. Reggie O. Cruz[2]
[1, 2] Bataan Peninsula State University, Balanga City, Philippines
Corresponding Author email: *reocruz@bpsu.edu.ph*

**Received**: 02 January 2026 **Revised**: 16 February 2026 **Accepted**: 23 February 2026

**Available Online**: 24 February 2026

**Volume I (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-3769; E-ISSN - 3116-3777**

https://doi.org/10.63498/injelps8

***Abstrak***
**Layon:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga karanasan at hamon ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa Mariveles National High School, bilang batayan sa pagbuo ng angkop na estratehiya sa pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng *narrative inquiry* upang mailarawan ang mga naratibo ng mga gurong tagapayo hinggil sa pagtatamo ng layunin at pagsulat ng artikulo sa pamahayagang pangkampus. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng personal na panayam at *video conferencing* at sinuri gamit ang *thematic coding* na kinapapalooban ng pagkokowding, kategorisasyon, paglinang ng mga tema, at pagsasanib sa kaugnay na literatura.
**Mga Kinalabasan:** Ipinakita ng pagsusuri ang tatlong pangunahing dimensyon: (1) karanasan, (2) hamon, at (3) pamamaraan ng mga gurong tagapayo. Sa karanasan, lumitaw ang pagiging makabuluhan ng tungkulin sa kabila ng mabigat na pasanin at sabayang responsibilidad. Sa hamon, natukoy ang kakulangan sa pormal na pagsasanay, limitadong institusyonal na suporta, hirap sa pagbabalanse ng akademikong tungkulin, paggamit ng AI-generated na artikulo, at mababaw na kamalayan sa mga isyung panlipunan. Samantala, sa pamamaraan, binigyang-diin ang pagpapalalim ng batayang kasanayan sa pagsulat, kolaboratibong pagkatuto, integrasyon ng teknolohiya, at paggamit ng modelong sulatin bilang estratehiya sa paggabay.
**Kongklusyon:** Batay sa mga natuklasan, nabuo ang isang simulaing balangkas na nakaangkla sa prinsipyo ng MATATAG Curriculum—Konteksto, Koneksyon, Kolaborasyon, at Pagkamalikhain—na isinasakatuparan sa pamamagitan ng mga estratehiyang AKAP, KAMPUS KONEK, AKAY, at LIKHA. Nag-aambag ang pag-aaral ng makabuluhang pananaw sa papel ng gurong tagapayo at nagsisilbing praktikal na gabay sa pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag sa wikang Filipino.
***Mga Susing-Salita:*** *pamahayagang pangkampus, gurong tagapayo, narrative inquiry, MATATAG Curriculum, wikang Filipino*

## PANIMULA

Ang pamahayagang pangkampus ay bahagi ng pagtuklas sa transpormatibong potensyal ng mga mag-aaral sa malikhain at kritikal na pag-iisip nito. Kaakibat ang mga paaralan sa paghubog ng akademikong kakayahan sa pagsulat, paglalahad ng kaisipan, impormasyon, at ng opinyon. Kaya nga, itinuturing ng Kagawaran ng Edukasyon ang pandristo, pansangay, panrehiyon at pambansang kompetisyon sa pamahayagang pangkampus kasama ng Pista ng mga Talento sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao, Science and Technology Fair sa asignaturang Agham, at mga kompetisyong pampalakasan hanggang palarong pambansa bilang co-curricular program. Inilalahad lamang nito na nakikita at idinesenyo ng DepEd na kaakibat ng pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga ito. Mga programang nagtuturo ng mahahalagang aral at kakayahan sa labas ng paaralan. Sa likod ng mga ito, nariyan ang responsibilidad at papel na ginagampanan ng mga gurong tagapayo ng mga pampublikasyong pampaaralan upang maging matagumpay ang paglalathala ng mga artikulo gayundin ang patnubay sa patnugutan, pagpapaunlad ng kasanayan at pagpapanatili ng pamantayang dyornalistiko sa wikang Filipino.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Kung tutuusin, ang pamamahayag, bilang pangunahing daluyan ng balita at diskurso, ay hindi lamang simpleng proseso ng pagbabahagi ng datos kundi isang mekanismo ng paghubog ng kaisipan at pananaw ng mamamayan. Sa ganitong konteksto, ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamahayag ay higit na nagiging makabuluhan. Higit pa sa pagiging midyum ng komunikasyon, ang Filipino ay nagsisilbing tulay upang mas mailapit ang mga isyung panlipunan sa nakararami, mapalakas ang partisipasyon ng mamamayan, at maisulong ang pambansang identidad. Binanggit ng isa sa respetadong mamamahayag na si Kara David (2025) sa kaniyang panayam, na ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamahayag ay isang mabisang behikulo upang maging epektibo ang pagpapalalim ng pag-aaral ng mga kabataan sa mga konsepto higit lalo sa mga intelektwal na talakayan. Naniniwala rin ito na mas magiging matalino ang mga mag-aaral kung wikang Filipino ang magiging sandata sa paghubog ng kaisipan ng mga ito. Dagdag pa rito, ayon kay Jessica Soho, sa kanyang talumpati sa National Press Conference 2025 o NSPC 2025, na mahalagang kilalanin ng mamamahayag ang kaniyang mga mambabasa at gamitin ang paraan ng pagkukuwento na makakalapit sa kanilang karanasan—sapagkat ang tunay na epekto ng pamamahayag ay nakasalalay sa kakayahang maunawaan at maantig ang nakararami; samakatuwid, ang paggamit ng wikang nauunawaan at tinatanggap ng publiko (tulad ng Filipino) ay isang makabuluhang estratehiya sa epektibong pamamahayag.

Kaya nga, malaking papel ang ginagampanan ng literasi sa pamamahayag sapagkat hinuhulma nito ang mga kabataang maging analitikal sa pagtatasa ng mga impormasyong ibinibigay ng internet at gayundin ay maging kritikal sa pagharap ng mga isyung panlipunan na mas mabisang naihahatid sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng Campus Journalism Act of 1991 (Republic Act 7079) nagtakda ito ng mga pamantayan (standard) sa pagbuo ng mga peryodikong pampaaralan, kabilang ang mga dyaryo o pahayagan, magasin, panitikan, at ang pagsuporta sa malayang pamamahayag sa mga akademikong institusyon. Sinasaklaw din ng batas na ito ang pangangasiwa ng pamahalaan na magdaos ng iba't ibang programa at proyektong naglalayong paunlarin ang kakayahang dyornalistiko ng mga mag-aaral at pagtataguyod ng diwa ng malayang pamamahayag. Sa kabila nito, hindi maikukubli ang mga suliranin sa likod ng bawat artikulong nabuo ng mga estudyanteng-mamamahayag na ipinasusuri sa kanilang mga gurong tagapayo.

Sa isang pananaliksik na isinagawa ni Anjum (2021) sa Pakistan, natukoy na ang pangunahing balakid ng pamahayagang pangkampus ay ang limitadong integrasyon nito sa kurikulum na tuon sa pagsulat ng wastong artikulo, at ang kakulangan sa pagsasanay (training) ng mga gurong tagapayo sa pamamahala ng organisasyong nabanggit. Sa katunayan, ang pagtaas ng antas ng empasis sa batayan-pampagsusulit ay nagbigay-daan upang mabawasan ang kurikulum nito sa akademiko. Gayundin ang pagbawas ng oras at kagamitan (resources) na kinakailangang ilaan sa organisasyon ng pamahayagang pangkampus. Binigyang-diin sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagtataguyod ng isang balanseng kurikulum upang mahikayat ang mas mataas na pakikilahok ng mga mag-aaral at sa ganap na pagkatuto ng pagsulat ng komposisyong bunga ng mapanuring pag-iisip.

Sa bansang Pilipinas, binanggit ni Libradilla at Baradillo (2024) na wala nang panahon para sa pagtuturo at pagsasanay ng mga estudyanteng peryodista sa wastong pagsulat sa isang sangay ng Pangasinan sapagkat para sa kanila ang pagiging isang tagapayo ay dagdag pasanin lamang na walang karagdagang kompensasyon kaya nilalayon na lamang na makapagpalimbag ng pahayagan bilang pagtalima sa kautusan.

Bagama't maraming pag-aaral ang tumalakay sa pamahayagang pangkampus at sa papel ng mga gurong tagapayo, nananatiling may kakulangan sa mas malalim na pagsusuri sa kontekstong lokal, partikular sa integrasyon ng karanasan, hamon, at estratehiyang ginagamit ng mga gurong tagapayo sa aktuwal na pagsulat at paghubog ng kakayahang dyornalistik ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Halimbawa, ipinakita sa isang pag-aaral na ang mga gurong tagapayo ay nakararanas ng iba't ibang hamon tulad ng pagbabalanse ng tungkulin, kakulangan sa pagsasanay, at teknolohikal na suliranin, na may implikasyon sa kalidad ng pamahayagang pangkampus at sa kapakanan ng mga tagapayo mismo (Padillos, 2025). Gayundin, natukoy sa ibang pananaliksik na maraming gurong tagapayo ang nangangailangan pa ng mas mataas na antas ng pagsasanay sa kasanayang dyornalistik at pamamahala upang maging epektibo sa kanilang tungkulin (Cainong, 2024).

Sa kontekstong Pilipino, may mga pag-aaral na tumalakay sa implementasyon ng Campus Journalism Act of 1991 at sa mga suliraning kinahaharap ng mga paaralan tulad ng kakulangan sa pondo, kagamitang panturo, at tauhang may sapat na pagsasanay (Docallas, 2025). Gayunpaman, ang karamihan sa mga pag-aaral na ito ay nakatuon sa antas ng implementasyon, kompetensi, o pangkalahatang karanasan, ngunit hindi sapat na nasusuri ang masalimuot na ugnayan ng papel ng gurong tagapayo, aktuwal na proseso ng paggabay sa pagsulat, at ang paggamit ng wikang Filipino bilang daluyan ng paglinang ng kritikal na kamalayan ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, nananatiling mahalagang punan ang kakulangang ito sa literatura, lalo na sa panahong muling pinagtitibay ang kahalagahan ng campus journalism sa paghubog ng mapanuring mamamayan at sa gitna ng patuloy na pagbabago sa larangan ng edukasyon at media. Ang kasalukuyang pag-aaral ay kinakailangan upang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

makapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa karanasan at hamon ng mga gurong tagapayo sa lokal na konteksto, at upang makapaglatag ng mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapaunlad ng pamahayagang pangkampus at sa kalidad ng pagsulat ng mga estudyanteng mamamahayag.

Isang napapanahon ang isinagawang pag-aaral dahil sa muling pagkabuhay ng pamahayagang pangkampus at paglikha nito ng mga batang mamamahayag. Kung gayon, mahalagang bigyang-tuon ang mga suliranin kaugnay sa pagtatamo ng layunin ng pamahayagang pangkampus at ng pagsulat ng artikulo. Kaugnay nito, kinailangang paigtingin ng Kagawaran ng Edukasyon ang programa sa pamahayagang pangkampus at pagresolba sa mga suliranin kaugnay dito. Higit sa lahat isang karangalan sa panig ng mananaliksik na maipahayag ang kaniyang pag-aaral, lokal, nasyonal at internasyonal sa alinmang Kongreso ng Pananaliksik upang magsilbing instrumento sa pagmulat ng kamalayan ng bawat tao sa tunay na nangyayari sa mundo.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay nirepaso at muling binuo ang patnubay sa polisiya tuon sa pagdidisenyo ng pagsasanay at pagpapahusay ng mga programa para sa pag-aasikaso ng mga gawain lilinang sa abilidad at pagtuklas sa potensyal ng isang empleyado hanggang sa mga mag-aaral nito. Ang mga sumusunod ay binigyang katangian at konsepto sa pagsasanay at pagpapahusay: (1) Ang pagsasanay at pagpapahusay ay isang pamamaraan kung saan ang isang organisasyon o institusyon ay naghahatid ng mga pampropesyunal na gawaing magpapahusay sa isang indibidwal at makadagdag sa kanilang kaalaman, kasanayan at kilos upang maging matagumpay ang pagsasakatuparan ng kanilang tungkulin. (2) Ang mga gawain sa ilalim nito ay ang mga pagsasanay, seminar, worksyap, komperensya, iskolarship at pagkatutong magagamit sa totoong buhay. Ang paghawak sa mga gawaing ito ay nararapat na kasangkot ang isang sistematikong proseso ng kakayahan/pagtatasa ng pangangailangan, pagpaplano, pagdidisenyo, pagpapalago ng mapagkukunan at ang aktwal na paghahatid ng programa.

Sa ilalim ng Campus Journalism Act of 1991, kinikilala ang pamahayagang pampaaralan bilang mahalagang plataporma para sa kalayaan sa pagpapahayag. Dahil dito, layunin din ng pamahayagan na palalimin ang kamalayan ng kabataan sa mga usaping panlipunan, mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip, at isulong ang aktibong pakikilahok sa mga isyung may kinalaman sa kanilang karapatan, kapakanan, at edukasyon.

Samantalang sa Davao de Oro, bagaman may Special Program in Journalism (SPJ), hindi pa rin ito naging dahilan upang makaiwas sa hamong kinahaharap sa pamahayagang pangkampus ang mga batang mamamahayag. Katulad na lamang ng presyur na nararamdaman ng mga ito upang matamo o maabot ang pamantayan (standard) sa pagsusulat ng kanilang artikulo at ang mga kinakailangang materyales upang sa pagsusulat ay mayroon ding kakulangan (Balinas & Ibojo, 2023).

Para naman kay Dacaca-Acerit at Espiritu (2024), marami sa mga mag-aaral sa kasalukuyang nahaharap sa suliranin kaugnay sa pagkatuto sa Asignaturang Filipino, partikular na sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya at saloobin sa pasulat na paraan. Kapansin-pansin ang kakulangan sa interes ng mga mag-aaral sa naturang asignatura - madalas ay hindi nila lubos na pinakikinggan ang mga aralin at ipinakikita ang pag-aatubili sa gawaing pasulat. Kung nasusulat man, ito ay karaniwang kulang sa kasanayan. Gayunpaman, sa kabila ng mga hamong ito, hindi maikakaila na ang pagsulat ay nananatiling isang mabisang kasangkapan sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral, katuwang ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at panonood. Ipinakikita lamang ng artikulo ang suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral sa aspekto ng kakayahan sa pagsulat na ito isang balakid upang patuloy na maitaguyod ang pamahayagang pangkampus bilang instrumento ng paghahatid ng boses ng bawat kabataan. Mahalagang sangkap ang kakayahan sa pagsulat ng mga estudyanteng-mamamahayag upang maging matatag at mapanatili ang integridad ng isang organisasyon kaalinsabay ng pagpapaunlad nito sa kakayahang Filipino.Batay kay Acosta at Pines (2024), mahalaga ang pagsusuri ng kakayahan sa pagsulat sa larang ng pamamahayag dahil ito ay maihahalintulad sa isang wika kung saan taglay nito ang pagiging dinamiko; ito'y nagbabago kaya naman kinakailangan na mapunan ang mga pabago-bagong hamon o suliranin sa pamahayagang pangkampus sa bawat taon lalo ang mga pamamaraan ng pagsulat ng mga artikulo partikular sa pag-uulo ng mga balita. Dagdag pa nito, Makabubuti ang pag-aaral na ito para sa mga paaralang may pamatnuging pangkampus, sapagkat maaari itong maging daan upang higit pang mapalawak ang kaalaman ng mga batang mamamahayag sa larangan ng pagsulat ng balita. Bukod dito, maaaring magsilbing gabay ito para sa mga tagapayo ng pamahayagan sa pagpapayabong ng kritikal na pag-iisip at paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa masusing pagsulat ng balita, lalo na sa gitna ng paglaganap ng pekeng balita at maling impormasyon. Ipinaliwanag ng pag-aaral ni Cabalza (2024) datos mula sa mga panayam na isinigawa nito na mayroong kakulangan sa pagsasanay ang mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa parehong larangan ng pamamahayag at teknolohiya ng impormasyon at



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

komunikasyon. Hindi rin binibigyang-prayoridad ang mga pagsasanay ukol sa online journalism kumpara sa ibang kategorya sa mga paligsahan sa press conference ng paaralan. Bukod dito, nakita rin sa pag-aaral na maraming paaralan ang kulang sa maayos na kompyuter at koneksyon sa internet. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa naisasapormal ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagpapaunlad sa online journalism at sa pamahayagang pangkampus sa pangkalahatan. Ipinakita rin sa resulta ng sarbey na may sapat na kaalaman ang mga kasapi ng pamahayagang pangkampus sa paggamit ng midyang online batay sa kanilang edad, pagsasanay sa pamamahayag at teknolohiyang pang-impormasyon, at aktibidad sa internet. Bagaman positibo rin ang pananaw ng mga tagapayo ng pahayagan at mga punong patnugot sa integrasyon ng midyang online sa kanilang publikasyon, hindi nila lubos na nagamit ang mga tampok at kakayahan ng mga ito. Natuklasan ng mananaliksik na isa lamang sa mga paaralan ang may aktibong website at pito ang may social media account mula sa limang paaralan. Sa pagsusuri, lumitaw na karamihan sa mga ito ay may kakaunti o walang aktibidad.

Inilahad naman sa pag-aaral ni Ladia (2024), ang mga praktis sa Pamahayagang Pangkampus na nagbigay-daan tungo pagtuklas ng implikasyon ng pamamahala na may kaugnayan sa mga serbisyong pang-mag-aaral. Mula sa ginamit na purposive sampling, 26 na mga mag-aaral gurong tagapayo, 78 na mga estudyanteng-mamamahayag at 140 mga mag-aaral ang binigyan ng mga talatanungan and kinapanayam mula sa 26 na mga HEI's mula sa 66 na HEI's sa buong rehiyon na may umiiral na publikasyong pang-mag-aaral. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang patnugutan, polisiya, pagpopondo, pulong balitaan o press conference, at ang tuntunin at regulasyon ay nananatiling nasa proseso ng pagsasa-institusyon nito sa sistema. Marami sa probisyon ng R.A 7079 ng Campus journalism Act ang hindi ganap na naiimplementa. May pangangailangan na itaas ang suporta sa mga mag-aaral at guro at gayundin ang pagpapalakas sa kolaborasyon sa pagitan ng administrasyon. Ang pamahayagang pangkampus sa rehiyon ang nagsisilbing boses ng mga mag-aaral, nagbibigay ng impormasyon, nakatutulong sa pagbuo ng pampublikong opinyon, mapag-usapan ang mga isyu at maprotektahan ang HEI's mula sa sarili nitong kakulangan. Kaya upang higit na makatugon sa kasalukuyang pagbabago, inirerekomenda ng mananaliksik ang pag-upgrade at pagstreamline ng mga serbisyong pang-mag-aaral batay sa konteksto ng pangangailangan at layunin ng mga mag-aaral.

Tinuran naman sa pag-aaral ni Gabuyo (2025), kung saan sumuri sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at lumabas sa kanilang datos na nakaranas ang mga ito ng mga hamon sa pagbuo ng isang artikulo partikular sa paggamit ng wastong gramatika, kawalan ng pokus dahil sa distraksyong hatid ng teknolohiya at ang pito naman ay nakaranas ng pangamba at takot sa pagsusulat. Batay sa mga datos na ito ay nagbigay ng suhestyon na magsagawa ng mga worksyap na tuon sa kasanayan sa pagsulat, gayundin ang mga programa para sa pagmementor at paglikha ng mga peer groups upang mapaunlad ang kasanayan sa akademikong pagsulat.

Sa pag-aaral naman ni Glaisyer, Anderson, Smith at Rothferd (2011), inimbistigahan nitong kung paanong ang mga programa sa pagsasanay ay nililinang at kung ang mga proseso ay tugma sa ginagamit na modelo sa pamamagitan ng panayam, pagsusuri ng dokumento upang pag-aralan ang pag-unlad ng 14 na sinasabing epektibong programa. Ang paggamit ng isahang modelo ay lumalabas na higit na epektibo kung ito ay nadebelop na may kalakip na iba't ibang metodo na nasasaklaw mula sa bahagyang kasiya-siyang aksiyon hanggang sa may pinakamalawak na makabuluhang paggalugad ng kaalaman sa subok na programa para sa mga operasyon. Ang pagsisimula ng pagsasanay ay mula sa tugon ng mga pangangailangang hindi natugunan ng komunidad at ito ay ginagawa sa bentahe ng kapangyarihan ng politikal at pangangasiwa ng kasanayan sa paggamit ng mapagkukunan na hindi naisasantabi ang kapakanan ng kalidad ng pagsasakatuparan ng mga programang binuo ng mga administrador.

**Konseptuwal na Balangkas**


Ang pigura ay naglalahad ng konseptong nais maipalabas. Ang unang bahagi ay ang pagkuha ng mga datos sa mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa pamamagitan ng malalimang interbyu, pagbuo ng transkrip ng panayam, at dokumento o artikulong isinulat ng mga estudyanteng-mamamahayag na ibinigay ng mga gurong tagapayo. Ang ikalawang bahagi ay ang paglalakbay sa karanasan at mga hamon ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa pamamagitan ng pagkokoyding at kategorisasyon. Susuriin ang mga tektuwal na datos na nakuha mula sa pakikipanayam na susundan ang katanggap-tanggap na prosesong kwalitatibo upang makuha ang mga temang nabuo. Ang dulo bahagi ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng isang simulaing balangkas sa pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749




***Pigura 1: Paradaym ng Pananaliksik***

**Paglalahad ng mga Suliranin**

Sa kabila ng pagkilala ng pamahayagang pangkampus bilang mahalagang *co-curricular program* sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas at ng malinaw na polisiya sa ilalim ng Republic Act No. 7079 (Campus Journalism Act of 1991), nananatiling hamon ang epektibong implementasyon nito sa antas sekundarya. Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang kakulangan sa pormal na pagsasanay, limitadong institusyonal na suporta, sabayang tungkulin ng mga guro, at patuloy na pagbabago sa konteksto ng edukasyon ay nakaaapekto sa kalidad ng paggabay ng mga gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus. Gayunman, limitado pa rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa **malalim na naratibong karanasan ng mga gurong tagapayo**, lalo na sa paggamit ng **wikang Filipino bilang midyum ng pamamahayag**, at kung paano nila hinaharap ang mga hamon sa pagtatamo ng layunin at sa pagsulat ng artikulo. Dahil dito, may pangangailangan na masiyasat ang mga karanasan at hamon ng mga gurong tagapayo upang makabuo ng isang kontekstuwalisado at estratehikong balangkas na maaaring magsilbing gabay sa pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag.

**Pangkalahatang Layunin:**

Layunin ng pag-aaral na ito na masiyasat ang mga karanasan at hamon ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus gamit ang wikang Filipino bilang batayan sa pagbuo ng isang simulaing balangkas para sa estratehikong pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag.

**Tiyak na nilalayon ng pag-aaral na ito na:**

1. Ilarawan ang mga karanasan ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tungo sa pagtatamo ng layunin.
2. Matukoy ang mga hamong kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tuon sa:
    - o pagtatamo ng layunin, at
    - o pagsulat ng artikulo.
3. Masuri ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga gurong tagapayo upang mapahusay ang kasanayan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa wikang Filipino gamit ang pamahayagang pangkampus.
4. Makabuo ng isang iminumungkahing simulaing balangkas para sa estratehikong pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

**Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:**

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tungo sa pagtatamo ng layunin?
2. Ano-ano ang mga hamong kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tuon sa:
a. pagtatamo ng layunin, at
b. pagsulat ng artikulo?
3. Paano isinasagawa ng mga gurong tagapayo ang mga pamamaraan upang mapahusay ang kasanayan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa wikang Filipino gamit ang pamahayagang pangkampus?



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

4. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ano ang iminumungkahing simulaing balangkas para sa estratehikong pagpapahusay ng kakayahang dyornalistiko ng mga estudyanteng-mamamahayag?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito na naglayong tukuyin ang mga karanasan at hamon sa pamahayang pangkampus sa Filipino ng Mariveles National High School ay gumamit ng narrative inquiry na uri ng kwalitatibong pananaliksik. Bagaman itinuturing na makabagong uri sa larangan ng palarawang pag-aaral ay malawakan na rin itong ginagamit. Ayon kay Phillion (2002), ang narrative inquiry o naratibong pagsiyasat ay na karaniwang nag-aanalisa sa pamumuhay, interes, suliranin, at mga pagnanais ng mga tao. Bilang karagdagan, sa naratibong pagsiyasat, ang mananaliksik ay maingat na inaaral at inuunawa ang karanasang isinasalaysay ng mga kalahok. Ito ay tumutukoy sa paraan ng pag-iisip at pag-aaral sa karanasan. Dagdag pa, sa naratibong pagsiyasat, ang karanasan ng mga kalahok ay kinokolekta upang muling isalaysay ng mananaliksik na nasa kaparehong danas ng nasa kalahok (Creswell, 2003). Kinasasangkutan din ito ng interpretatibo at naturalistikong pagdulog na nangangahulugang ang kwalitatibong mananaliksik ay nag-aaral ng mga bagay sa kanilang natural na setting, sinusubukang bigyang-kahulugan ang ayon sa tuntunin ng mga kahulugan na dinadala ng mga tao sa kanila. Ang kwalitatibong pag-aaral ay isang empirikal na pananaliksik kung saan ang mga datos ay wala sa anyo ng numero.

### Populasyon at Sampling at iba pang Pinagmulan ng mga Datos

Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa Filipino mula sa Mariveles National High School, ito ay pampublikong paaralan na pangunahing tumatalima sa tuwing may ibinababang implemtentasyon ng polisiya o mandato mula sa pambansang pamahalaan ng Kagawaran ng Edukasyon.

**Sampling Technique.** Sa pagpili ng kalahok, Purposive Sampling Technique ang ginamit. Ang purposive sampling ay kilala rin bilang judgment, selective o subjective sampling ay isang sampling technique kung saan ang mananaliksik ay umaasa sa kanyang sariling paghuhusga kapag pumipili ng mga miyembro ng populasyon na kalahok sa pag-aaral (Palinkas et.al, 2015). Ang purposive sampling ay isang non-probability sampling na paraan at ito ay nangyayari kapag ang mga elementong pinili sa pamamagitan ng paghatol ng mananaliksik. Ang mananaliksik ay madalas na naniniwala na maaari silang makakuha ng isang kinatawan na sample sa pamamagitan ng paggamit ng isang mahusay na paghatol, na magreresulta sa pagkabawas ng paglalaan ng mahabang oras at pera.

Samantala, ang criterion sampling, na isang uri ng purposive sampling ay naglalayong makilala at mapili ang kaso o kalahok na angkop sa ipinasyang talaan ng pamantayan. Ito ay nagbibigay-daan sa mananaliksik na makakuha ng sapat na impormasyon mula sa mas maliit na bilang ng mga kalahok o sampol. Sa pag-aaral na ito, ipinamalas ng mananaliksik ang paggamit ng criterion purposive sampling, kung saan itinakda ang mga pamantayan sa pagsama at hindi pagsama (inclusion at exclusion criteria).

**Mga Kalahok.** Sa kabuoan, ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay sampo (10). Ayon kay Creswell (2003), ang katanggap-tanggap na dami ng kalahok sa isang qualitative research ay lima (5) hanggang limampu (50). Dahil ang mga kalahok ay sampo (10), ito ay sapat na upang mabigyan ng katwiran ang dami nila.

**Iba pang Pinagmumulan ng mga Datos.** Ginamit din ang mga kaugnay na pag-aaral upang iugnay ang mga nakuhang mga datos mula sa kwalitatibong anyo nito.

### Instrumento

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamamaraang pananaliksik na narrative inquiry, na kinapapalooban ng muling pagsasalaysay ng mananaliksik sa mga kuwento ng buhay ng mga kalahok. Mayroong apat na pangunahing uri ng kwalitatibong pangangalap ng datos, ang pagmamasid sa mga kalahok, panayam, mga dokumento, at mga kagamitang panturo. Bagama't ang malalimang panayam ang pinakainirerekomendang pamamaraan sa narrative inquiry, ang paggamit ng panayam na sinabayan ng mala-pinatnubayang gabay na talatanungan at pagmamasid sa kalahok ay napatunayang kasing-epektibo rin sa pagkalap ng mga personal na karanasan ng mga kalahok. Ang mga ito ay nakahihikayat sa mga kalahok na ibahagi at isiwalat ang kanilang mga personal na salaysay (Creswell, 2003).

Ang mananaliksik ay ginabayan ng isang mala-pinatnubayang gabay na talatanungan o semi-structured questionaires sa panayam. Ito ay isang bahagyang nakabalangkas na interbyu na naglalaman ng mga katanungan na maaaring magbigay-daan sa pagkasagot sa hinahangad na malaman ng pag-aaral na ito. Ito ay bahagyang nakabalangkas sapagkat magkakaroon din ng mga pahabol na mga tanong kung ito ay kinakailagan upang mas mabigyang-diin at mas malalim na pagpapaliwanag ang mga konseptong nais iparating ng mga kalahok. Ang mga

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

katanungan ay labindalawa (12) na maghuhudyat sa pagsasalaysay ng karanasan at hamon ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa Filipino.

**Balidasyon.** Sa paglalapat ng mga katanungan na ginamit sa panayam, iba't ibang mga pag-aaral ang kinunsedera upang magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa paksa ng pananaliksik. Ang mga hudyat na tanong na nakatala sa binuong mala-pinatnubayang gabay na tanong ay nagpapahiwatig ng paglalahad ng karanasan at hamon habang iginaya ng mananaliksik rin tungo sa pagbibigay-daan sa pagtatagpo ng layunin ng pag-aaral. Matapos nito, ito ay sinuri ng mga eksperto sa wikang Filipino. Ito ay upang malaman kung mayroong gramatikong pagkakamali sa tanong na ginawa at masuri kung ang bawat katanungan ay angkla sa pokus ng pag-aaral. Matapos nito, tatlong mananaliksik at eksperto sa larangan ng Filipino ang hiningian ng ekspertong pananaw tungkol sa kaangkupan o trustworthiness ng mga pinatnubayang gabay na tanong sa panayam sa pamamagitan ng face validation

**Pangongolekta ng mga Datos**

Sa unang bahagi ay ang pagsulat sa mga kinauukulan kung saan sa panimula ng pananaliksik, sinulatan ang mga kinauukulan upang magbigay paalam sa gagawing risert. Unang sinulatan ang mga superindente ng dibisyon ng Bataan. Sa kanyang pag-endorso, sinulatan din ang punongguro ng paaralan ng Mariveles National High School. Sa kanilang pagpayag, ang unang bahagi ay natatapos.

Samantala, pagbibigay-alam at pagpirma ng kasunduan sa pagsasagawa ng panayam ang ikalawang bahagi. Sa pamamagitan ng mga personal na pagpapabatid at pagpapapadala ng email ay ginawang paraan ng pagpapalam. Mayroon ding mga guro na tinawagan upang mas maunawaan nila ang ginawang interbyu.

Sa kanilang pagpayag, sila ay bingyan ng isang kasunduan na naglalahad ng layunin at pamamaraan ng pakikipanayam. Ang bawat kalahok ay binigyan ng pagpipilian kung papaano gagawin ang interbyu kung ito ba ay harapang pakikipanayam o pakikipanayam gamit ang mga video conferencing platform dahil nakakapagrekord ng mga usapan dito. Sa kanilang pagpayag at paglagda sa kasunduan, ang pangalawang bahagi ay natapos.

Pakikipanayam. ay ang pagsasagawa ng interbyu kung saan binigyan ng malaking konsiderasyon ang kahandaan ng mga kalahok sa pagsasagawa ng panayam. Sila rin ay pumili ng paraan kung papaano sila kapapanayamin. Personal na pakikipanayam o sa pamamagitan ng video conferencing platform. Ang buong interbyu ay irerekord ng mananaliksik ngunit ito ay ipagbibigay alam sa mga kalahok. Sa pagtatapos ng interbyu, ang ikatlong bahagi ay natapos.

Pamamahala ng Datos. Ang pisikal at dihital na kwalitatibong datos na nakalap sa pag-aaral na ito ay maingat na pinamahalaan at pinrotektahan. Ang mga nakasulat na tala at inihandang dihital na audio recording ng mga panayam ay ginamit sa pananaliksik. Ang mga audio recording ay isinalin sa anyong dihital na verbatim transcript, kung saan ang mga kalahok ay tinukoy sa pamamagitan ng titik upang matiyak ang pagiging kumpidensyal. Ang lahat ng dihital na datos ay ligtas na itinago sa personal na laptop ng mananaliksik na may proteksiyon ng password.

**Treatment ng mga Datos**

Ang mga nakalap na datos ay sinuri sa pamamagitan ng nararapat na mga pamamaraan na naaayon sa metodo at disenyo ng pananaliksik. Ang lahat ng pag-uusap sa panayam ay inirekord sa pamamagitan ng isang gadyet. Itratranskrayb ang usapan upang magsilbing kwalitatibong datos ng pag-aaral. Tinitiyak din na sa pangangalap ng mga datos ay makapagbigay ng kopya ang mananaliksik ng mga kinalabasan ng pag-aaral upang malaman ang naging bunga ng interbyu.

Gumamit ang mananaliksik ng balangkas na nakabatay sa Five Lenses in Narrative Inquiry in Chase. Ayon kay Chase (2005) na binanggit ni Hunter (2010), mayroong limang magkakaugnay na analitikong lente na malawakan ang paggamit sa pagsusuri ng datos sa narrative inquiry. Sa pag-aaral na ito, dalawa sa mga lente ang ginamit ng mananaliksik: ang ikalawang lente na nakatuon sa tinig ng tagapagsalaysay at sa mga pasalitang aksyon at pagpiling ginawa nito, at ang ikatlong lente na nagbibigay-diin sa kung paano nahubog ang mga kalahok ng kanilang panlipunang kalagayan.

Sa presentasyon ng mga datos ay sinundan ang mga sumusunod: Pagkokoyding, Kategorisasyon. Paglinang ng mga Tema at Pagsasanib ng mga Literatura. Ang ganitong proseso ay sinundan mula sa isinagawang pagtalakay sa mga datos ni Cruz (2022) mula sa kaniyang disertasyon.

**Pagkokowding.** Ang mga transkiptibong kwalitatibong datos ay daraan sa kowding na kung saan ay bibigyang interpretasyon ang mga pahayag ng mga respondente. Sisimulan ito sa Kowd 1,2,3,4… na may mga paunang interpretasyon. Bago ang kategorisasyon ay ipapakita ang mga nakowd na mga pahayag at mga interpretasyon sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

mga respondente kung tama ang natumbas at kung may mga bagay na nararapat na bigyang linaw sa pagtutumbas ng mga pahayag.

**Kategorisasyon.** Pagsasamahin ang mga kowd na nabuo at susuriin ang magkakaugnay na kowd na maaring pagsamahin at bigyan ng panibagong interpretasyon.

**Paglinang ng mga Tema.** Sa pamamagitan ng pigura o talangguhit, Ang mga nakategorays na mga pahayag ay magbibigay ng panibagong anyo sa pamamagitan ng mga tema. Ito ang pagsasama ng mga kategorya na nakabubuo ng tema na siyang magiging pangkahalatang kaisipan sa mga datos na nakuha.

**Pagsasanib ng mga Literatura.** Ang mga nabuo ay ipapaliwanag sa pamamagitan ng mga literaturang nag-uugnay sa mga tema. Ito ay upang lumalim ang pagsusuri ng mga kwalitatibong datos at magkaroon ng pagsasanib ng mga ito sa mga magkakaparehas at bagong tuklas na wala pa sa mga literaturang nasaliksik.

**Etikal na Konsiderasyon**

Batay sa kaukulan at katanggap-tanggap na proseso ay tiniyak ng mananaliksik na ang mga kalahok ay malayang sumang-ayon at tumanggi sa panayam buhat sa kaniyang pagtsek sa hulihang bahagi ng liham. Ito ay kumpidensiyal at hindi pangangalanan ang mga kalahok. May karampatang honorarium na malayang tanggapin o hindi. Ang mga datos na nakuha ay gagamitin lamang ayon sa hinihingi ng pananaliksik na ito. May kalayaang malaman ang mga resulta batay sa nilalaman ng liham na naibigay sa kanila.

## RESULTA AT DISKUSYON

Pagkatapos ng pagbabalideyt ng mga kowding at paglikha ng mga magkakaugnay na mga kowd na tinatawag na kategorisasyon ay nabuo ang mga tema sa naratibo ng mga gurong tagapayo sa pagtatamo ng layunin sa pamahayagang pangkampus. Ang nabuong kategorisasyon mula sa danas ng mga kalahok ay ipag-uugnay muli upang maipakita ang nagkakaisang kaisipan ng mga kalahok. Ang mga temang nabuo ay ipagsasanib sa mga literatura upang magkaroon ng kalinawan ang mga natuklasan.

**1.Mga karanasan ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tungo sa pagtatamo ng layunin?**

Tema 1: Mahirap ngunit isang makabuluhang karanasan

Inilahad ng mga kalahok na ang pagganap sa papel bilang gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus ay isang tungkuling may kaakibat na hamon, ngunit ito ay nananatiling isang makabuluhang karanasan. Sa mga naratibo ng mga tagapayo, malinaw na ang kanilang paglalakbay sa paggabay ng mga estudyanteng-mamamahayag ay puno ng pagsubok tulad ng kakulangan sa oras, materyales, pondo, pormal na pagsasanay, at institusyonal na suporta. Sa kabila nito, ang bawat tagumpay ng mga estudyante, bawat nailathalang artikulo, at bawat makabuluhang diskurso na nabubuo sa loob ng organisasyon ay nagbibigay sa kanila ng lalim ng kasiyahan at kaganapan sa propesyon. Mga danas na sumasalamin sa naratibo ng mga gurong tagapayo nang ipinahayag ang kanilang karanasan

Tema 2: Mabigat na pagpasan ng tungkulin dahil sa dalawa o higit pang tungkulin

Ang pagiging gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus ay isang responsibilidad na nangangailangan ng dedikasyon, oras, at malalim na pakikisangkot sa paghubog ng mga mag-aaral. Gayunman, sa aktwal na karanasan ng mga guro, ang tungkuling ito ay kadalasang isinasabay sa iba pang gawaing pang-akademiko tulad ng pagtuturo ng maraming asignatura, pag-aasikaso ng mga papel sa administrasyon, at pagsali sa mga ekstra-kurikular na aktibidad. Bunga nito, nagiging mabigat ang pasaning tungkulin, at may mga pagkakataong naaapektuhan ang kalidad ng paggabay sa mga estudyanteng mamamahayag. Para sa mga kalahok ang pagiging isang gurong tagapayo habang ginagampanan ang iba pang responsibilidad ay may kalakip na pagod:

Tema 3: Mahirap buhat sa pagharap sa mga reporma sa institusyon

Ang pagsusumikap ng mga gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus na maabot ang mga layunin ng organisasyon sa gitna ng patuloy at madalas na pabago-bagong reporma sa loob ng institusyon ay ang danas ay hindi maikukubli. Ang mga pagbabagong ito ay nasa anyo ng bagong administrasyon, pagbabago ng polisiya, pagbabawas ng oras o pondo para sa mga co-curricular activities, at pagsasaayos ng mga priyoridad ng paaralan na nagiging sanhi ng pagkabalam o pagkakaputol ng tuloy-tuloy na pagpapaunlad sa pamahayagang pangkampus. Para sa mga kalahok ang karanasang ito ay nakapag-aambag sa mahirap na pagtupad ng papel na ginagampanan kaagapay ng pagsabay sa pagbabago.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Ang ganitong sitwasyon ay umaayon sa pag-aaral ni Kahne (2022) na ang mga reporma sa edukasyon ay kadalasang nagkakaroon ng limitadong epekto kung hindi ito isinasaalang-alang ang aktuwal na karanasan ng mga guro sa klasrum at sa mga gawaing co-curricular. Itinuturo niya na mahalagang isama ang mga guro sa proseso ng reporma upang maging makabuluhan at matagumpay ang implementasyon nito. Dagdag pa rito, ayon kina Mitra, Serriere at Kirshner (2014) ang mga guro ay madalas na nasasakal sa tinatawag niyang "initiative overload"—kung saan sunud-sunod ang pagbabago sa sistema na hindi naman sinasamahan ng sapat na suporta, konsultasyon, o pag-unawa sa lokal na konteksto.

**2.1 Mga hamong kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tuon sa pagtatamo ng layunin**

Tema 1: Limitadong kasanayan at pormal na pagsasanay

Ang isang bagay na pinaglaanan ng pagsisikap upang maging mahusay sa larangang tinatahak ay buhat sa walang palyang pagsasanay. Ito ay magbubunga ng isang kasanayang magiging sandata sa paglutas o pagsasakatuparan ng anomang layunin. Isang ugat ng magiging pundasyon upang mapatatag katulad ng pamahayagang pangkampus. Para sa mga kalahok, ang kakulangan sa pormal na pagsasanay at sapat na kasanayan sa larangang ito ay ang hamon na kanilang tinamasa. Bagaman maraming tagapayo ang may malawak na karanasan sa pagtuturo, hindi lahat ay nabibigyan ng pagkakataong sumailalim sa mga workshop o salingkuran na nakatuon sa teknikal na aspeto ng pamahayagang pangkampus.

Tema 2: Kakulangan sa suportang pinansyal, pisikal at institusyunal

Ang papel ng gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus ay higit pa sa pagtuturo ng teknikal na kasanayan sa pagsulat—ito ay isang malalim na tungkulin ng paggabay, pagsusuri, at pagbibigay-inspirasyon sa mga kabataang manunulat. Gayunman, isa sa pangunahing hamon na kinahaharap ng mga tagapayo ay ang pagbabalangkas ng oras at lakas sa pagitan ng kanilang pormal na tungkulin bilang guro sa silid-aralan at karagdagang responsibilidad bilang tagapayo ng publikasyon at ng mga estudyanteng-mamamahayag.

Tema 3: Paggamit ng artikulong AI Generated

Sa panahon ng mabilis na pagbabago sa teknolohiya, lalo na sa larangan ng pagsulat at komunikasyon, nagiging hamon para sa mga gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus ang pagharap sa paggamit ng mga AI-generated na artikulo ng mga estudyante. Bagaman maaaring makatulong ang mga tool gaya ng ChatGPT, Grammarly, at iba pa sa pagbuo ng burador o editing, nababahala ang mga tagapayo sa posibilidad ng pagkawala ng orihinalidad, boses, at pag-unawa ng mga estudyante sa mismong proseso ng malikhaing pagsulat.

Tinukoy nina Tanaleo et.al (2023) na ang integrasyon ng AI tools sa akademya ay may dalawang mukha: una, ito ay maaaring kasangkapan ng pagsulong, ngunit sa kabilang banda, maaari rin itong maging sanhi ng pagkatiwalag ng mag-aaral sa sariling proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng pamamahayag, ang labis na pagdepende sa AI ay nagiging hadlang sa paglinang ng kakayahan sa pananaliksik, pakikipanayam, at malikhaing pagsulat na mga pangunahing kasanayang hinuhubog sa pamahayagang pangkampus. Para sa mga kalahok, ito ay hamon na nakaaapekto sa pagsasakatuparan ng layunin ng pamahayagang pangkampus.

**2.2 Mga hamong kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa implementasyon ng pamahayagang pangkampus tuon sa pagsulat ng artikulo**

Tema 1: Kakulangan sa Pundasyong Gramatikal

Isa sa mga pangunahing hamong kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa pagsulat ng artikulo sa pamahayagang pangkampus ay ang kakulangan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa matibay na pundasyong gramatikal sa wikang Filipino. Ayon sa mga tagapayo, marami sa mga artikulong isinusumite ay may karaniwang kamalian sa gamit ng bantas, wastong baybay, pagkakabuo ng pangungusap, at tamang pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Ang kahinaang ito ay nagpapabagal hindi lamang sa proseso ng pagwawasto kundi pati na rin sa epektibong paghatid ng mensahe ng isang balita o ng artikulo. Para sa mga gurong tagapayo, ang pundasyong gramatikal ay nakapagpapahina sa pagkamit ng layunin ng pamahayagan.

“Dito ang napansin ko sa kanila, yung paggamit nila ng pangatnig kasi yung paulit-ulit nilang ginagamit yung salitang halimbawa upang, puro upang yung ginagamit nila.” [Kalahok D]

“Mababa pa ang kanilang kakayahan… sa baybay, tanggap na rin po ba ang salitang “meron”, sabi ko tanggap na rin naman siya pero kung ikaw ay nagsusulat ng isang article na para sa dyaryo hind imo pwedeng i-cut yun, dapat buo” dagdag na paglalahad ni [Kalahok D]

Tema 2: Kakulangan sa Lohikal at Kohesibong Estruktura ng Artikulo

Isang mahalagang suliraning kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa larangan ng pamahayagang pangkampus ay ang kakulangan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa kakayahang bumuo ng lohikal at


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

INJELPS
International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences
International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

kohesibong estruktura ng artikulo. Sa kabila ng pagkakaroon ng kaalaman sa paksang tinatalakay, kadalasang hindi malinaw ang daloy ng ideya, hindi maayos ang pagkakaugnay ng mga talata, at nawawala ang tiyak na layunin ng sulatin. Bunga nito, humihina ang bisa ng komunikasyon ng mensahe sa mga mambabasa.

Tema 3: Kakulangan sa Kritikal na Pag-iisip at Pananaliksik

Isa sa mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga gurong tagapayo sa pagsulat ng artikulo sa pamahayagang pangkampus ay ang kakulangan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa kritikal na pag-iisip at pananaliksik na dalawang mahalagang kasanayang kinakailangan upang makalikha ng makabuluhan, matibay, at responsableng mga artikulo sa wikang Filipino. Sa panahon kung kailan mas mabilis ang pagdaloy ng impormasyon, mas lalong nagiging hamon ang paghihiwalay ng opinyon mula sa katotohanan at ang pagbuo ng sulating may matibay na basehan sa datos at analitikal na pag-unawa.

**3. Pamamaraan ng mga gurong tagapayo upang mapahusay ang kasanayan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa wikang Filipino gamit ang pamahayagang pangkampus.**

Tema 1: Pagpapalalim ng Batayang Kasanayan sa Pagsulat.

Lumitaw mula sa mga naratibo ng mga gurong tagapayo ang mahalagang papel ng pagpapalalim ng batayang kasanayan sa pagsulat bilang pundasyon ng epektibong pagsulat ng artikulo at malikhaing pagpapahayag sa wikang Filipino. Isinagawa ito sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya tulad ng pagsasanay sa gramatika o grammar drills, peer editing, pag-analisa ng mga artikulo at repetitibong rebisyon, na nagpapakita ng sistematikong pagtutok hindi lamang sa nilalaman kundi pati sa anyo ng wika. Para sa mga kalahok, ang pagpino ng kasanayang sa teknikal na aspekto ng gramatika upang mapalalim ng ugat ng kanilang kasanayan:

Tema 2: Kolaboratibong Pagkatuto at Suportang mula sa Kapwa.

Sa mga salaysay ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus, lumitaw ang temang ito bilang isang makabuluhang estratehiya sa pagpapalago ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga kabataang mamamahayag. Sa halip na ang tagapayo lamang ang nagsisilbing pangunahing tagapagturo, binigyang-halaga ng mga kalahok ang kapangyarihan ng mga kapwa mag-aaral bilang katuwang sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng peer editing, peer mentoring, at writing partnerships, nailalatag ang isang kapaligirang ng pagkatuto na bukas sa kooperasyon, pagtutulungan, at mas personal na interaksyon.

Tema 3: Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagsasanay


Sa mga salaysay ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus, lumitaw ang integrasyon ng teknolohiya bilang isang makabagong kasangkapan sa pagpapalalim ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga estudyanteng mamamahayag. Ayon sa kanila, sa gitna ng mga hamon sa oras, limitadong pisikal na interaksyon buhat sa mga akademikong gawain kinakailangang bigyan ng prayoridad, at pagbabago sa paraan ng komunikasyon, naging mahalagang katuwang ang teknolohiya sa pagsasanay sa pagsulat, pag-eedit, at paglalathala ng mga artikulo sa Filipino.

Tema 4: Paglinang ng Kasanayan sa pamamagitan ng Modelong Sulatin.

Sa mga salaysay ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus, lumutang ang mahalagang gampanin ng modelong sulatin bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyanteng-mamamahayag sa pagsulat ng mga artikulo sa wikang Filipino. Ang paggamit ng modelong sulatin ay hindi lamang simpleng pagpapakita ng halimbawa, kundi isang pedagohikal na estratehiya na tumutulong sa mga mag-aaral na matutuhan ang estruktura, estilo, at wastong gamit ng wika sa konteksto ng pampahayagang pagsulat.

**4. Simulaing balangkas para sa estratehikong pagpapahusay ng kakayahang dyornalistik ng mga estudyanteng mamamahayag**

Ang balangkas na ito ay nakaangkla sa apat na pangunahing aspekto ng disenyong pampagtuturo na Konteksto, Koneksyon, Kolaborasyon at Pagkamalikhain (Context, Connection, Collaboration at Creativity) ng K-10 Revised Curriculum na dating kilala bilang MATATAG Curriculum ng Kagarawan ng Edukasyon na sumusuporta at nagsisilbing gabay sa epektibong pagtuturo at pagkatuto habang binbigyang-laya ang mga guro na gamitin ang kanilang pagkamalikhain nang may tiwala sa sarili.




Sa gitnang bilog ng balangkas, malinaw na itinatampok ang gurong tagapayo ng pamahayagang pampaaralan – ang kanilang karanasan at mga hamon, at pagpapabuti ng kanilang mga gawain sa pagtatamo ng layunin at pagtuturo sa kapakanan ng mga estudyanteng mamamahayag at ng layuning makapagbigay ng de-kalidad na edukasyon.

Kaugnay nito, umiikot ang balangkas sa tatlong pangunahing



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777

kategorya na natuklasan sa pag-aaral: ang mga isyu at hamon; ang mga pamamaraan ng paglampas sa hamon ng mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus; at ang mismong mga karanasan nito. Sa bilog na nasa gilid ng balangkas, tinatalakay ang hamon ng pagtatamo ng layunin sa pamahayagang pangkampus na nakatuon sa pitong pangunahing suliranin: ang pundasyong gramatikal; lohikal at kohesibong artikulo; kritikal na pag-iisip; artikulong AI-Generated; limitadong kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral; pormal na pagsasanay ng mga gurong tagapayo; at suporta at oras.

Samantala, sa bahagi ng mga pamamaraan ng paglampas sa hamon ng mga gurong tagapayo sa pagtatamo ng layunin ng pamahayagang pangkampus, itinatampok ang mga dapat ipagpatuloy at paunlarin gaya ng: pagpapalalim ng batayang kaalaman; kolaborasyon at suporta; integrasyon ng teknolohiya; at paggamit ng modelong sulatin. Pagdating naman sa mga karanasan ng mga gurong tagapayo, nakatuon ito sa isang makabuluhang tungkulin, kolektibong pagsisikap, pagganap ng higit sa dalawang papel, mga estudyanteng mamamahayag na may personal na balakid, kawalan ng tiwala sa sarili, at patuloy na repormasyon.

Hindi rin matatawaran ang halaga ng huling mga kahon sa ibaba nito na binuo buhat sa natuklasang karanasan at mga hamon ng mga gurong tagapayo sa konseptong nasa malaking bilog. Ito ang batayang konseptong pinaghalawan ng mga estratehiyang bubuoin na makatutulong sa pagpapahusay ng kakayahang dyornalistik ng mga estudyanteng-mamamahayag: una, ang mga mungkahing rekomendasyon at konklusyon na nakabatay sa resulta ng pananaliksik kasama nito ang mga mungkahing pagpapahusay ng kakayahan sa pagsulat ng mga estudyanteng mamamahayag tulad ng: AKAP – Adhikaing Kasanayan ay Paunlarin, KAMPUS KONEK – Pakikipagdayalogo, AKAY – Alalay sa Kasamang Aktibo sa Pagyakap ng Layunin, at LIKHA – Lathalain, Istorya, Kritisismo, Husay, Analisis.

**Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring mabuo ang mga sumusunod na konklusyon: (1) Ipinapakita ng mga resulta na ang tungkulin ng mga gurong tagapayo sa pamahayagang pangkampus ay lampas sa teknikal na pagsulat at pagbuo ng artikulo. Kaugnay nito, ang tagumpay ng pamahayagang pangkampus ay nakaugnay sa lawak ng suporta, kahandaan, at kakayahang umangkop ng mga gurong tagapayo sa nagbabagong kalagayan ng edukasyon at midya. (2) Lumilitaw na ang pagtatamo ng layunin ng pamahayagang pangkampus ay nakabatay sa ugnayan ng mga salik na pang-edukasyon, pang-institusyon, at pang-operasyon. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng mas organisado at tuloy-tuloy na suporta upang mapalakas ang pagpapatupad nito sa edukasyong sekundarya. (3) Nanatiling hamon ang pagpapaunlad ng kalidad ng pagsulat ng artikulo sa wikang Filipino ng mga estudyanteng mamamahayag. Ipinapakita ng mga natuklasan ang pangangailangan sa mas sistematikong pagsasanay, tuloy-tuloy na paggabay, at mas matibay na suporta mula sa institusyon. (4) Ipinahihiwatig ng pagsusuri na ang iminungkahing balangkas ay maaaring magsilbing gabay sa pagpapahusay ng kakayahang pampamamahayag ng mga mag-aaral at sa pagpapaunlad ng mga gawaing pampagtuturo ng mga gurong tagapayo.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

1. Ang kinauukulang yunit ng Kagawaran ng Edukasyon, partikular ang Dibisyon ng Bataan, ay maaaring magbigay ng mas sistematikong suporta sa mga gurong tagapayo ng pamahayagang pangkampus sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo at programang nakatuon sa batayang kasanayan sa pagsulat, estruktura ng artikulo, lohika, gramatika, at kritikal na pag-iisip.
2. Ang mga pagsasanay, webinar, at seminar hinggil sa pamahayagang pangkampus ay maaaring idisenyo upang higit na mapaunlad ang pedagohikal at teknikal na kakayahan ng mga gurong tagapayo, nang isinasaalang-alang ang kanilang oras, konteksto, at aktuwal na pangangailangan.
3. Ang mga susunod na mananaliksik ay maaaring magsagawa ng karagdagang pag-aaral at inobasyon upang makabuo ng mga programang pangsuporta at balangkas na higit na nakaangkla sa mga hamon ng pamahayagang pangkampus sa ilalim ng nagbabagong konteksto ng edukasyon.

**MGA SANGGUNIAN**

Acosta, M., at Pines, V. (2024). Headlines matter: Isang diskursong pagsusuri sa mga tayutay na ginamit sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus. *International Journal Of Advanced Multidisciplinary Studies 4*(11), 1-19. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/12/Acosta-Pines-Pasion.pdf


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Anjum, S. (2021). Impact of extracurricular activities on academic performance of students at secondary level. *International Journal of Applied Guidance and Counseling. 2*(2), 7-14 https://doi.org/10.26486/ijagc.v2i2.1869

Balinas, E. V., & Ibojo, D. T. M. (2023). The lived experiences of the students in special program in journalism (SPJ): A phenomenological inquiry. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education, 9*(4), 2317-2342. https://ijariie.com/AdminUploadPdf/The_Lived_Experiences_of_the_Special_Program_in_Journalism__SPJ__Students__A_Phenomenological_Inquiry_ijariie21354.pdf?srsltid=AfmBOoqbgojS8PHHesR_AkAj9DZXLwFFKb2VyzoJGOSZ2H-fs1zg7jW

Cabalza, D.V. (2024). A study on the utilization of the online media by public high school publication in the National Capital Region, (Di Napalimbag na Undergraduate Tesis). University of the Philippines College of Mass Communication.https://iskomunidad.upd.edu.ph/index.php?title=Category:Theses&until=PROdUSER%3A+Understanding+the+Utility+of+YouTube+among+College+Students+&filefrom=PROdUSER%3A+Understanding+the+Utility+of+YouTube+among+College+Students+&pageuntil=Celluloid+homes

Chase S.E. (2005). Narrative inquiry: Multiple lenses, approaches, voices' in N.K. Denzin and Y.S. Lincoln (eds) The sage handbook of qualitative research. Sage Publications, https://psycnet.apa.org/record/2005-07735-025

Creswell, J. W. (2003). Research design: qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (2nd ed.). Sage Publications. https://www.ucg.ac.me/skladiste/blog_609332/objava_105202/fajlovi/Creswell.pdf

Cruz, R. (2022) Transisyon at repormasyon: pagtuklas ng bagong teorya sa pagtuturo mula sa mga pambansang ulirang guro sa Filipino, Lyceum Northwestern University, Di-Nalathalang Disertasyon https://www.linkedin.com/in/reggie-o-cruz-edd-phd-lpt-chrp-09964088/

Cainong, M. (2024). Journalistic writing competence and management skills of school paper advisers. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal. 19*(4), 437-452. https://scimatic.org/storage/journals/11/pdfs/2849.pdf

Dacaca-Acerit, M., at Espiritu, J. (2024), Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat. *International Multilingual Journal of Science and Technology. 9*(7), 7451-7461.https://www.imjst.org/wp-content/uploads/2024/08/IMJSTP29121051.pdf

David, K. (2025). Kara David full speech at MSU-IIT graduation 2025 (Video). Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=eFBqwISnr2Q

Docallas, J. G. M. (2025). Beyond the byline: A study of campus journalism implementation, challenges, and opportunities. *Journal of Organizational Behavioral Research. 10*(3), 111-124. https://doi.org/10.51847/Qow8VsdNNU

Gabuyo, S.J. (2025). Paglalakbay ng kuwento: Karanasan sa pagsasanay ng akademikong pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3*(2), 705-772. https://doi.org/10.5281/zenodo.14948442

Glaisyer, T., Anderson, C.W., Smith, J., & Rothferd M. (2011). Shaping 21st century journalism. New America Organization. https://www.newamerica.org/oti/policy-papers/shaping-21st-century-journalism/

Hunter, S. V. (2010). Analysing and representing narrative data: The long and winding road. *Current Narratives, 1*(2), 44-54. https://ro.uow.edu.au/currentnarratives/vol1/iss2/5

Kahne, J., Bowler, B., Marshall J. & Hodgin E. (2022). Is responsiveness to student voice related to academic outcomes? Strengthening the rationale for student voice in school reform. *The University of Chicago Press*



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

*Journals, 128*(3), 389-415. https://doi.org/10.1086/719121

Ladia, M.A.P. (2024). Campus journalism in higher education institutions in region III: Implications to the management of student publication services. *Scholars Journal of Economics, Business and Management, 2*(10), 1072-1075.https://doi.org/10.36347/sjebm.2015.v02i10.014

Libradilla, J.P. & Baradillo, D. (2024) The best practices of teacher-advisers of award-winning school papers in the Philippine national competitions: An interpretative phenomenological analysis. *EPRA international Journal of Multidisciplinary Research. 10*(12), 383-391. https://doi.org/10.36713/epra19521

Mitra, D., Serriere, S., & Kirshner, B. (2014). Youth participation in U.S. contexts: Student voice without a national mandate. *Children and Society, 28*(4), 292-304. https://doi.org/10.1111/chso.12005

Palinkas, L.A., Horwitz, S.M., Green, C.A., Wisdom, J., Duan, N., & Hoagwooed, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research. *Adm Policy Ment Health 42*, 533–544 (2015). https://doi.org/10.1007/s10488-013-0528-y

Phillion, J. (2002). Narrative inquiry in a multicultural landscape: Multicultural teaching and learning. Ablex Publishing. https://dokumen.pub/narrative-inquiry-in-a-multicultural-landscape-multicultural-teaching-and-learning-9780313010521-9781567506693.html

Padillos, M. F. J. (2025). Challenges on campus journalism: Exploring public school paper advisers' journey. *Nexus International Journal of Science and Education 2*(2), 1-39. https://doi.org/10.5281/zenodo.15690785

Republic Act No. 7079 (1991) *Campus Journalism Act of 1991: An act providing for the development and promotion of campus journalism and for other purposes*. https://jur.ph/law/campus-journalism-development-promotion-act#

Soho, J. (2025). Lessons in journalism with Jessica Soho (Video). Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=707J2BXkMaU

Tanaleo, L. F., Pedroso, J. E., Patiño, P. H., Fundal, K. M., Arcenas, L. G. (2023). challenges and coping strategies of campus advising in the post-pandemic. *Journal of Social Sciences and Management Studies, 2*(4), 72-88. https://doi.org/10.56556/jssms.v2i4.566



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*